Sa Gitna Ng Ulan

Smugglaz

Hindi ka kawalan sa akin
Pakiusap lang, tama na, tumigil ka
Hindi na kita mahal
Wala man ako sa piling mo
Eto, masaya pa din naman ako
Makausap man kita
'Wag mo nang tatanungin sa'kin kung pupwede pa ba

'Di na pwede pa
Ikaw kasi
Ayoko na sa'yo

Kabigha-bighani ang mga pangyayari
Sa buhay ko nang dumating ka na
Oras ko'y ang bilis na ng takbo, woh-woh

Unti-unti nang nawalan ng sigla
Habang tumatagal ang panahon tila

Ang lamig mo na sa 'kin, ayaw mo na sa 'kin
'Di nagkatotoo 'yung
Hiniling natin nu'ng may dumaan na tala sa 'ting dalawa
Iniwan mo akong luhaan
Sakit na nararamdaman
Ngayon, umasa kang wala ka nang babalikan

Sa gitna ng ulan
Kinausap mo ako at sabi mo
Ang sigaw ng puso mo'y ako, mahal
Sabik sa piling mo
Binibini ko, totoo
Titigan mo ang aking mata
Mahal pa din kita
Kaso 'di na pwede pa

Pagkatapos matapos, maubos, at maibuhos lahat ng sa 'kin sa'yo
Muli kang babalik kung kailan masaya na ako at limot na ang mga dulot mo
Mga sakit ng dulot ng nakaraang kabaliwan
Matuturing na ngayo'y tinatawanan ko na lang
Sayang at 'di ako nakasabay sa'yo
Sa larong pinagbidahan mo't pinagbidahan ko
'Kala ko pa naman ay ikaw na
Katangahang ibigin ka
'Yan ang tangi kong nalaman mula nang aking malaman
Na 'di tayo para sa isa't isa
Matapos mong lasunin ang damdamin ay
Sasabihin mong ako'y mahal mo
Kaya ko pa namang umibig at
Muli sanang magpatawad kaso ay hindi sa'yo

Sa gitna ng ulan
Kinausap mo ako at sabi mo
Ang sigaw ng puso mo'y ako, mahal
Sabik sa piling mo
Binibini ko, totoo
Titigan mo ang aking mata
Mahal pa din kita

Kaso 'di na pwede pa

Isang lingon na lang para
Ika'y makalimutan na
Wala naman sa 'ting hadlang
Sadyang pinabayaan lang

Ang lahat naman ay nilaan ko para lang sa'yo
'Yan na ang una at huling malaking pagkakamali ko na nagawa
Tila ba ang pangarap ko'y biglang ngiba
Pero kahit na magbalik ka pa
Ang tanging sigaw ng puso
Hindi na pwede pa

Sa gitna ng ulan
Kinausap mo ako at sabi mo
Ang sigaw ng puso mo'y ako, mahal
Sabik sa piling mo
Binibini ko, totoo
Titigan mo ang aking mata
Mahal pa din kita
Kaso 'di na pwede pa

Sa gitna ng ulan
Hindi ka kawalan sa akin
Pakiusap lang, tama na, tumigil ka
Hindi na kita mahal
Wala man ako sa piling mo
Eto, masaya pa din naman ako
Makausap man kita
'Wag mo nang tatanungin sa'kin kung pupwede pa ba

'Di na pwede pa
Ikaw kasi
Ayoko na sa'yo

Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!